**NADISKUBRE ANG ISANG SAKIT NG HALAMAN NA PUMAPATAY SA MGA PUNO NG CITRUS SA CALIFORNIA. WALANG GAMOT DITO AT NASA PELIGRO ANG IYONG MGA PUNO NG CITRUS. KUNG MAKIKIPAGTULUNGAN, MAAARI NAMING MALIGTAS ANG CITRUS SA INYONG KOMUNIDAD.** **MAKIKIPAGTULUNGAN, MAAARI NAMING MALIGTAS ANG CITRUS SA INYONG KOMUNIDAD.**

@CaliforniaCitrusThreat

@CitrusThreat

Matuto nang higit pa tungkol sa Asian citrus psyllid at HLB, at tingnan ang mga larawan sa **CALIFORNIACITRUSTHREAT.ORG**

Iulat ang mga kahina-hinalang peste at sakit ng halaman sa California Department of Food and Agriculture sa **800.491.1899**

Para sa impormasyon sa paggamot sa Asian citrus psyllid mula sa University of California, bisitahin ang **UCANR.edu/sites/ACP**

Tingnan ang impormasyon sa quarantine at mga mapa sa **CDFA.ca.gov/plant/ACP**

CP-244-0921-V3

CITRUS PEST & DISEASE PREVENTION DIVISION



# ILIGTAS ANG CITRUS SA INYONG KOMUNIDAD.

CITRUS PEST & DISEASE PREVENTION PROGRAM

## SAKIT

### HUANGLONGBING (HLB)

- Pumapatay ito ng mga puno ng citrus at walang gamot dito.
- Ang mga may sakit na puno ay nagpoprodyus ng tagibang, mapait na prutas, at sa kalaunan ay namamatay.
- Ang HLB ay natagpuan sa Southern California, Florida, Texas at iba pang mga bansa, kabilang ang Mexico.
- Ang pagtanggal ng mga puno na nahawahan ng HLB ay napakahalaga upang maprotektahan ang kalusugan ng iyong iba pang mga puno ng citrus, mga puno ng iyong mga kapitbahay at citrus ng iyong komunidad.
- Tinatawag ding citrus greening disease ang HLB.

## MAPANGANIB NA PESTE

### ASIAN CITRUS PSYLLID

- Ang HLB ay kinakalat ng isang insektong tinatawag na Asian citrus psyllid, na maaaring maglipat ng sakit mula sa isang puno patungo sa iba habang kumakain ito ng mga dahon ng citrus.
- Ang Asian citrus psyllid ay maliit, halos kasinlaki ng isang aphid.
- Nangingitlog ang mga ito sa mga maliliit, malalambot na bagong dahon. Ang mga batang psyllid ay yellow-orange at nagpoprodyus ng puting, waxy na substance.
- Maaaring kontrolin ang insekto.
- Bisitahin ang UCANR.edu/sites/ACP para sa mga rekomendasyon sa paggamot, o makipag-usap sa iyong lokal na nursery tungkol sa mga magagamit na produkto.
- Ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan laban sa sakit ay hanapin at pigilan ang pagkalat ng peste.

## SOLUSYON

### TAYONG LAHAT AY MAYROONG MAHALAGANG PAPEL NA GINAGAMPANAN

- Suriin ang mga puno mo ng citrus buwan-buwan upang makita kung may peste at sakit ang mga ito, at iulat ang mga natuklasan sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-491-1899.
- Huwag ilipat ang mga halaman ng citrus, dahon o bungkos ng dahon sa loob o labas ng iyong bakuran, o sa labas ng state o sa ibang bansa.
- Kapag naghuhugpong o grafting, gumamit lamang ng rehistradong budwood na may kasamang dokumentasyon ng pinagmulan.
- Makipagtulungan sa mga crew ng agrikultura na naglalagay ng mga bitag, nag-iinspeksyon ng mga puno at naggagamot sa peste.
- Makipagtulungan sa mga crew ng agrikultura na naglalagay ng mga bitag, nag-iinspeksyon ng mga puno at naggagamot sa peste.
- Bisitahin ang iyong lokal na nursery o garden center upang malaman kung anong mga produkto ang maaaring makatulong sa pagprotekta ng iyong puno mula sa Asian citrus psyllid.
- Kontrolin ang mga langgam sa mga puno mo ng citrus.
- Nakakagambala ang mga langgam sa mga kapaki-pakinabang na insekto at pinoprotektahan pa ng mga ito ang Asian citrus psyllid.
- Kausapin ang iyong lokal na nursery tungkol sa makakatulong na pain sa mga langgam o ant bait.
- Kung hindi mo na nais na pangalagaan ang iyong puno ng citrus, pag-isipan ang pagtanggal nito upang hindi ito maging host sa peste at sakit.





**KUNG MAKIKIPAGTULUNGAN, MAARI NAMING MALIGTAS ANG CITRUS SA INYONG KOMUNIDAD**